

WARM-UP

- Ano ang pinakamahalagang bagay na pag-aari mo? Bakit ito mahalaga?
- Balikan ang isang pagkakataon na kinailangan mong paghirapan ang isang bagay na gusto mong makamit. Ano ang nangyari?
- Kailan ang huling pagkakataon na ipinadama sa iyo ng isang tao na mahalaga ka sa kanya? Magkuwento tungkol dito.

WORD *Pero kalooban ng Panginoon na saktan siya at paghirapan. Kahit na ginawa siyang handog ng Panginoon para mabayaran ang kasalanan ng mga tao, makikita niya ang kanyang mga lahi at tatanggap siya ng mahabang buhay. At sa pamamagitan niya ay matutupad ang kalooban ng Panginoon. **ISAIAH 53:10***

(Basahin din ang **ISAIAH 52:13-53:10**.)

Sa talatang ito, inilarawan ni Isaias ang sakripisyo ng Diyos para sa sangkatauhan. Isinalarawan Siya bilang kinamumuhian, inaayawan, at isinumpang katauhan na nakaranas ng pagmamalupit at paghihirap, pero kalooban ng Panginoon na saktan siya at paghirapan sa krus. Isinakripisyo Niya ang Kanyang sarili para maibalik ang tao sa tamang relasyon sa Diyos. Ngayon, titignan natin ang ilang mga bagay na ginawa ng sakripisyo ni Jesus para sa atin.

1 | Inako Niya ang pagdurusa at kalungkutan natin.

Ang totoo, tiniis niya ang mga sakit at mga kalungkutang dapat sana'y tayo ang dumanas. Ang akala natin ay pinarusahan siya ng Diyos dahil sa kanyang mga kasalanan. ISAIAS 53:4

Si Jesus ay dumaaan sa hindi masukat na paghihirap. Sinabi sa Bibliya na **hinamak siya at itinakwil ng mga tao at dumanas siya ng mga sakit at hirap**. Dahil dito, naiintindihan ni Jesus ang mga paghihirap at pasakit natin at kaya Niya tayong bigyan ng kaginhawahan dahil pinasan na Niya ang mga ito. Ano ang sinasabi sa Mga Hebreo 4:15 tungkol kay Jesus?

2 | Sinugatan Siya para sa mga kasalanan natin.

Ang totoo, sinugatan siya dahil sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa ating kasamaan. Ang parusang tiniis niya ang naglagay sa atin sa magandang kalagayan. . . ISAIAS 53:5

Ang pangunahing layunin ng pagdating ni Jesus sa mundo ay ang palayain ang tao sa kasalanan. Sa halip na tumanggap ang tao ng ganap na parusa mula sa Diyos, naparito si Jesus at Siya ang tumanggap nito. Ayon sa Mga Hebreo 10:10, ilang beses kailangang isakripisyo ni Jesus ang Kanyang katawan upang linisin tayo sa mga kasalanan natin?

3

Pinagaling Niya tayo sa pamamagitan ng Kanyang mga sugat.

. . . *at dahil sa mga sugat niya ay gumaling tayo.* **ISAIAH 53:5**

Si Jesus ay dumanas ng sakit at hirap at namatay upang ang tao ay mapalaya sa likas na kasamaan. Sa umpisa pa lamang, hindi tayo dapat mamuhay sa kasalanan kundi sa tamang relasyon sa Diyos. Paano tayo natulungan ng sakripisyo ni Jesus upang mamuhay ng tama sa piling ng Diyos? (1 Pedro 2:24)

.....

.....

.....

.....

APPLICATION

- Natanggap mo na ba si Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas mo? Gusto mo bang magsisi sa mga kasalanan mo at sumunod sa Kanya simula ngayon?
- Ang nag-iisang tamang tugon sa sakripisyo ni Jesus ay ang isuko ang lahat ng bahagi ng buhay natin sa Kanya. May bahagi ba ng buhay mo na hindi mo pa isinusuko kay Cristo? Ipagkatiwala ang bahaging ito ng buhay mo sa Kanya ngayong linggo.
- Sino sa mga nasa paligid mo ang kailangang makaalam na isinakripisyo ni Jesus ang Kanyang sarili para sa ating kaligtasan at hindi na natin ito kailangan paghirapan? Paano mo maibabahagi ang ebanghelyo sa kanya ngayong linggo?

